# FILIPINO

## Ikaapat na Kwarter-Modyul 6

### Pagbibigay ng Angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata at Kuwento

## Suriin

Mahalagang alamin muna ang paksang diwa o paksang pangungusap sa pagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang teksto,talata at kuwento.

Ang paksang diwa ang pinakabuod na pangyayari sa talata o kuwento.

**Panuto:** Basahin ang maikling talata at hanapin sa loob ng kahon ang angkop na pamagat.

Si Kuting ay isang maamong pusa. Araw-araw sa ilalim ng mesa siya nakahiga. Pagkain sa hapag-kainan kanyang tinitingnan. Butihing amo, siya ay binibigyan.

A. Si Kuting

B. Ang Maamong Kuting

C. Si Kuting at Ang Kanyang Amo

"NOT FOR SALE" "DO NOT PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Pagyamanin

**Ginabayang Gawain**

Panuto: Basahing mabuti ang bawat teksto. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na pamagat nito. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| A. Ang Kalabaw | D. Si Hane |
| B. Si Pilemon | E. Ang Palengke |
| C. Ang Mga Gulay | |

1. Ang mga gulay ay masustansiyang pagkain. Ito'y nagtataglay ng bitamina at minerals na kinakailangan ng ating katawan.
2. Si Pilemon ay araw-araw na nangunguha ng hipon sa dagat.
3. Ang palengke ay isang lugar kung saan makabibili ka ng mga kailangan sa pagluluto.
4. Ang Kalabaw ay isa sa pinakamasipag na hayop sa Pilipinas.
5. Si Hane ay magaling sa klase at matulungin sa kapwa.

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

**Malayang Gawain**

Panuto:Basahin ang talata. Piliin ang letra ng angkop na pamagat nito. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang malunggay ay isa sa pinakamasustansiyang gulay.Kulay berde ang dahon nito.Nakakain din ang buto nito.
   A. Ang malunggay
   B. Ang Malunggay
   C. Masustansiyang Gulay

2. Tinolang manok ang paborito kong ulam. Lalo itong nagiging masarap para sa akin kapag si nanay ang nagluluto. Marami akong nakakain kapag tinolang manok ang aming ulam.
   A. Si Ulam
   B. Si Nanay
   C. Ang Paborito Kong Ulam

3. Evelyn ang pangalan ng ate ko. Matalino at masipag siya. Mabait at magalang siya sa akin at sa aming mga magulang.
   A. Ang Aking Ate
   B. Matalino na ate
   C. Mabait At Magalang na ate

4. Ang gatas ay masutansiyang inumin. Sagana ito sa kalsiyum na nagpapatibay sa ating mga buto at ngipin. Mayaman din ito sa protina na tumutulong para lumaking malakas at malusog ang isang bata.
   A. Ang Gatas
   B. Ang Buto at Ngipin
   C. Lumaking Malakas ang Bata

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

5. Shaira ang pangalang ibinigay ko sa aking manika. Ito ay may mahabang buhok. Pula ang damit at sapatos nito.Talagang maganda ang aking manika.
   A. Ang Manika Ko
   B. Magandang Manika
   C. Mahabang buhok na Manika

## Isagawa


Panuto: Basahing mabuti ang bawat teksto. Piliin ang titik ng wastong sagot na angkop sa pamagat at isulat sa sagutang papel.

1. Isang mabait at mahusay na doctor si Dr. Eve P. Guibone. Araw-araw siyang pumupunta sa ospital para kumustahin ang kanyang mga pasyente.



A. Ang Doktor
B. Mga Pasyente
C. Si Dr. Eve P. Guibone


2. Ang buwan ang *satellite* ng mundo. Humihiram ito ng liwanag mula sa araw at umiikot sa mundo.



A. Ang Buwan
B. Ang Mundo
C. Ang *Satellite*

LIVEWORKSHEETS

3. Kambal sina Jeany at Joy. Magkamukhang-magkamukha sila at mahilig silang maglaro ng volleyball.



A. Ang Kambal na Sina Jeany at Joy
B. Magkamukhang-magkamukha Sila
C. Mahilig sa Volleyball

4. Si Maggie ay isang mabait na aso. Siya ay kulay itim at may isang anak.



A. Isang Anak
B. Kulay Itim
C. Ang Mabait na Asong si Maggie

5. Ang niyog ay isang matayog na puno. Kahit anong bagyong dumating ay nanatili itong nakatayo.



A. Nakatayong Puno
B. Matayog na Puno
C. Ang Puno ng Niyog

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

# Tayahin

Panuto: Piliin ang angkop na pamagat sa teksto.
Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Si Bantay ay isang aso na mataba.
   A. bantay
   B. Isang Aso
   C. Si Bantay

2. Si Joan at Jane ay mga mababait na bata. Lagi nilang tinutulungan ang kanilang mga magulang sa mga gawaing bahay.
   A. Si Joan at Jane
   B. Ang Mga Bata
   C. Mababait na Bata

3. Ang Sampaguita ay ang pambansang bulaklak ng Pilipinas. Maputi ito at mabango.
   A. Pilipinas
   B. Ang Sampaguita
   C. Pambansang Bulaklak

4. Ang unang pasok sa eskwela ang hinihintay ng mga bata dahil makikita nila ang kanilang mga kaibigan.
   A. Mga Kaibigan
   B. Unang Pasok sa Eskwela
   C. Hinihintay ang mga Bata

5. Si Gng. Canizar ay may tanim na makukulay na mga bulaklak.
   B. Ang mga Tanim
   C. Ang Mga Bulaklak
   D. Mga Makukulay na Bulaklak ni Gng. Canizar

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS